July 25 SONA, Laban ng Masa's over 10,000 rallyists confronted by the first layer of anti-riot police

Bumalangkas ng bagong konstitusyon

Hihirang ang TRG ng *constitutional commission* na bubuuin ng 30-50 kagawad para sumulat ng bagong konstitusyon. Isusumite ang bagong saligang batas sa mga asambleya sa barangay para talakayin.

Maglulunsad ang demokratikong *mass media* ng pambansang kampanya sa pampulitikang edukasyon para ipaliwanag ang mga probisyon ng binalangkas na saligang batas at mga alternatiba. Maaaring magsumite ang mga asambleya sa barangay ng mga puna at panukalang amyenda. Ipoproseso ng komisyon ang mga mungkahi at panukala at isasama ang mga makatwirang panukala sa ikalawang burador (*draft*) ng saligang batas.

Isusumite ang ikalawang burador sa isang plebisito para ratipikahan ng mamamayan.

Ireporma ang sistema ng eleksyon at idaos ang halalan para sa regular na gubyerno

Bago ipatawag ang regular na eleksyon, babaguhin ng TRG ang **Omnibus Election Code** para kontrolin ang gastusin sa eleksyon, magpataw ng mabibigat na parusa sa pandaraya at bigyan ng pantay na karapatan sa *media* ang lahat ng kwalipikadong kandidato. Lilinisin ang listahan ng mga botante at gagamit ng *computer* sa eleksyon na hindi kayang dayain.

Matapos ang eleksyon ayon sa bagong saligang batas, maayos na isasalin ng *transitional revolutionary government* ang kapangyarihan sa regular na gubyerno at bubuwagin ang sarili nito ■

Mga Sagot sa mga Karaniwang Tanong

Nananawagan ang Laban ng Masa para sa isang Transitional Revolutionary Government? Ano ang ibig sabihin nito?

Transitional Revolutionary Government (TRG) ang panukala naming solusyon sa kambal na problema ng walang-tigil na katiwalian at laganap na kahirapan na siyang ugat ng papalalang krisis ng ating bansa. Hindi lang ito krisis ng rehimeng Macapagal-Arroyo; ito'y krisis ng buong elitistang sistema. Nag-aanak ang sistemang ito ng mga makasarili at mapanlinlang na pulitiko na hinubog sa pandaraya, pagbili ng boto at paglulustay sa pera ng bayan para manalo at manatili sa poder. Walang kakayahan ang sistemang ito na magluwal ng mga lider na magsisilbi sa tunay na interes ng buong bansa. Sa pagbibigay-prayoridad sa pagbabayad-utang, hindi inilalatag ng sistemang ito ang mga kondisyon para sa tuloy-tuloy na pag-unlad. Sa pamamagitan ng mga atrasadong iskema sa pagbubuwis gaya ng E-VAT, hindi lang nito nabigong iahon ang masa sa kahirapan, bagkus pinalala pa ng sistemang ito ang kanilang paghihirap.

Nasa krisis tayo dahil dama ng mamamayan na wala silang mapagpilian sa kasalukuyang hanay ng ating mga pulitiko. Matapos ang dalawang pag-aalsa sa EDSA, nawalan na ng tiwala ang mamamayan sa bisa ng ganitong uri ng pampulitikang pagkilos. Wala kasi itong naidulot na pag-angat sa kanilang kabuhayan o sa kalagayan ng bansa.

Naniniwala kami sa Laban ng Masa na hangga't hindi napapalitan ang sistemang ito, panibagong *trapo* lamang na sunud-sunuran din sa mga gahaman at mapanupil na elitista ang papalit

oras na mapatalsik si Gloria Macapagal-Arroyo. Kung ang gusto natin ay hindi lang pagpapalit ng mukha, kundi isang tunay na pagbabagong magbigigay pag-asa sa nakararami, kailangan ng isang pamahalaan na mapagkakatiwalaan. Ang pangunahing tungkulin nito ay ihanda ang progresibo at modernong pamamalakad na magtataguyod sa pangmatagalang kaunlarang pang-ekonomya at patas na paghahati sa bunga ng kaunlaran. Kung hagarang idadaos ang isang *snap election* matapos patalsikin si GMA, tiyak na ang mauupong bagong presidente ay trapo rin.

Igagayak ng TRG ang mga batayan para sa pag-usbong ng bagong uri ng pamumuno.

Isasantabi muna ng rebolusyunaryong gubyerno ang mga umiiral na batas na nagsisilbing balakid upang ipatupad ang pundamental na reporma at itaguyod ang mga adhikaing matagal nang ipinagkait ng elitistang sistema sa masang Pilipino. Ipinapanukala ng Laban ng Masa na isantabi muna ang Saligang Batas ng 1987 para makagawa ang TRG ng mga mapagpasyang hakbang na lulutas sa kasalukuyang krisis sa ekonomya at pulitika. Gayunpaman, hindi magiging arbitraryo ang mga kilos ng TRG. Ito'y gagabayan ng isang probisyunal na **Freedom Constitution** na may kalakip na **Bill of Rights,** na gagarantiya sa mga batayang karapatan ng mga mamamayang Pilipino.

Tinatawag naming *transitional* ang rebolusyunaryong gubyerno para idiin na wala itong intensyong maging permanente. Ang tagal ng panunungkulan nito ay nakasalalay sa iba't ibang salik kabilang ang tindi ng reaksyon ng mga elitista,...

ang makabayan at mapanuring pag-iisip sa mga kabataan. Pahuhupain ng ganitong mga reporma ang paglaganap ng kaisipang makadayuhan, konsumerista at di maka-kababaihan sa mga kabataan at sa susunod na henerasyon.

Itaguyod ang demokrasya mula sa ibaba

Para kontrahin ang dominasyon ng mga elitista, itatransporma ang mga batayang komunidad (barangay) bilang organo ng kapangyarihan ng mamamayan. Hindi na sila magiging kasangkapan lamang ng mga meyor, gubernador at mga konggresista. Bibigyan sila ng mga kapangyarihang sa ngayon ay hawak lahat ng mga munisipyo, syudad at panlalawigang pamahalaan. Ang mga pamahalaang pambayan, panglunsod at panlalawigan ay magsisilbing *coordinating bodies*.

Ipalalaganap ng TRG sa mga barangay ang *deliberative democracy* o demokrasyang nakasalalay sa masusing talakayan ng mga usapin (hindi tulad ngayon na *plebiscitary*). Sa *deliberative democracy*, ipinaaalam na mabuti sa mamamayan ang mga isyu at ang mga alternatibo, at bumubuo ng desisyon na katanggap-tanggap sa nakararami sa pamamagitan ng masusing deliberasyon. Sa *plebiscitary democracy*, pinaboboto lang ang mamamayan ng "oo" o "hindi" sa mga panukala ng mga elitista; at nireresolba ang mga isyu sa pamamagitan ng paramihan ng bilang sa halip na sa kolektibong pag-iisip at debate.

Lalansagin ang lahat ng pribadong hukbo ng mga usurero, sindikato sa sugal at droga, panginoong maylupa at mga kapitalista. Sa halip na mga mangongotong at abusadong barangay tanod, magbubuo ang TRG ng milisyang bayan na sinanay ng narepormang AFP at nasa ilalim ng superbisyon at komand ng mga barangay.

akademiko at kinatawan ng mga samahan ng mamamayan na magtatadhana ng mga panuntunan sa programa. Hindi magsesensor ang TRG. Sa halip, pauunlarin nito ang kalayaan sa pamamahayag sa pamamagitan ng paglimita sa kapangyarihan ng mga malalaking may-ari ng media at mga *sponsors* o *advertisers*.

Para kontrahin ang dominasyon ng mga elitista, itatransporma ang mga batayang komunidad (barangay) bilang organo ng kapangyarihan ng mamamayan. Hindi na sila magiging kasangkapan lamang ng mga meyor, gubernador at mga konggresista.

Maglalaan ng ispesyal na pondo para suportahan ang paggawa ng mga programang pang-edukasyon. Gagawing rekisito sa pagbibigay ng lisensya sa radyo at telebisyon ang paglalaan ng kahit tatlong pangunahing oras sa pagsasahimpapawid ng mga programang pang-edukasyon. Samantala, oobligahin ang mga sinehan na unahin ang mga lokal na pelikula na gumagamit ng pambansa at panrehiyong mga lenggwahe. Magkakaroon ng pagsusulit para magkalisensya ang mga peryodista at itatatag ang *professional regulatory commission* na may kapangyarihang tanggalan ng lisensya ang mga nagpapalaganap ng hinabing impormasyon at mga mangongotong. Mananatiling malaya nag media na suriin at batikusin ang mga tiwali sa gubyerno at sa pribadong sektor.

Babaguhin ang kurikulum ng mga pribado at pampublikong paaralan para isama ang mga progresibo, syentipiko at mga makabayang kurso at asignatura na di lamang nakadisenyo para paunlarin ang kakayahang intelektwal ng bansa kundi ikintal rin

Tinatawag naming *transitional* ang rebolusyunaryong gubyerno para idiin na wala itong intensyong maging permanente. Ang tagal ng panunungkulan nito ay nakasalalay sa iba't ibang salik kabilang ang tindi ng reaksyon ng mga elitista, para magkaroon ng sapat na panahong ipatupad ang Reform Agenda (tingnan sa ibaba) at bigyang-daan ang proseso ng pagbabago tungo sa regular na pamahalaan.

Ayaw na ng masa ng panibagong EDSA kung saan papalitan lang ang presidente pero nariyan pa rin ang sistema ng elitistang paghahari at tradisyunal na pulitika. Mapapansin marahil na ito ang dahilan kung bakit di sila na-eengganyong sumama kay Cory ngayon at muling magamit na palamuti sa pag-agaw ng kapangyarihan ng ibang paksyon ng mga elitista. Kailangang kumbinsihin ang masa na ang kasalukuyang pakikibaka ay kaiba sa EDSA dahil hangad nito hindi lamang na tanggalin si GMA kundi basagin ang monopolyo ng iilan sa kapangyarihan. Dapat magkaroon ang TRG ng sapat na kapangyarihan para iangat ang pambansang kabuhayan mula sa krisis, linisin ang burukrasyang militar at sibilyan, kumpunihin ang pininsalang pambansang kultura, at muling buhayin ang mga institusyong binulok ng kasalukuyang sistema. Totoong matatagalan bago makamit ang komprehensibong reporma, pero kinakailangang gawin ng TRG ang unang mahahalagang hakbang at tiyaking hindi mababaligtad ang makakamit na reporma.

Tinatanggihan ninyo ba ang prinsipyo ng konstitusyunal na pamahalaan?

Hindi. Ultimong layunin ng TRG na itatag ang konstitusyunal na pamahalaan. Pero bago maitayo ang tunay na demokratikong pamahalaang konstitusyunal, kailangan munang basagin ang monopolyo ng iilang lumang uri sa kapangyarihan at putulin ang kanilang mga pribilehiyo para kagyat na maipatupad ng TRG ang mga reporma sa ekonomya, pulitika at lipunan. Lilikhain nito ang mga istrukturang magbibigay-kapangyarihan sa mamamayan. Ito,

kasama ng iba pang mahahalagang reporma, ay mahirap gawin kung kailangang ipaapruba pa ito sa isang konggresong dominado lamang ng iilan.

Sa panahon ng transisyon, susulat ng bagong Saligang Batas at babaguhin ang sistema ng eleksyon bago idaos ang halalan at itayo ang regular na gubyerno. Sa madaling salita, layunin ng TRG na bigyang-daan ang konsitusyunal na pamahalaang tunay na demokratiko at popular.

Nagdududa ba kayo sa demokratikong katangian ng kasalukuyang sistema?

Oo. Ang sistemang umiiral ngayon sa ating bansa ay isang oligarkiya na nagpapanggap na demokrasya. Sa teorya, inihahalal ng taumbayan ang pamahalaan, pero sa totoo, ang mga tao ay pinaglalaruan lang ng iilang makapangyarihan. Hindi maiiwasan ang anomalyang ito dahil napakalaki ng agwat sa pagitan ng iilang mayayaman at ng masa. Sa ating mga eleksyon ngayon, pinamimili lang ang masa kung aling ahente ng mga elitista ang mamumuno at magnanakaw sa bansa.

Kahit walang Garcillano na magmamanipula sa resulta ng eleksyon, sadyang hindi demokratiko ang kasalukuyang sistemang elektoral. Salapi ang mapagpasya. Walang silbi ang anumang kwalipikasyon at plataporma kapag naglabas na ng limpak-limpak na salapi ang mga trapong kandidato sa panahon ng kampanya.

Kaakibat na ng kasalukuyang sistemang elektoral ang *graft and corruption*. Natural na babawiin kaagad ng sinumang manalo ang nagastos sa kampanya at mag-iipon ng higit pa para sa susunod na eleksyon. Ginagamit ng mga *trapo* ang kapangyarihang pampulitika para lalong magpayaman at magbayad ng utang-na-loob sa mga sumuporta sa kanila. Dahil sadyang binili ang posisyon, walang nakikitang pananagutan ang mga natawag na kinatawan ng mamamayan sa mga bumoto sa kanila. Namumudmod sila ng biyaya sa mga masugid na tagapagtaguyod lamang. Sa

sistema ng insentibo na magbabalik sa dignidad ng serbisyo at propesyunalismo.

Wakasan ang mga sigalot

Pag-iibahin ng TRG ang pagrerebelde na may mabuting layunin sa mga karaniwang krimen. Sa pakikipagnegosasyon sa lahat ng grupong rebelde, tutugunan ng TRG ang mga lehitimong karaingan, na karamihan ay nakaugat sa pagkagahaman at pagiging mapanupil ng mga elitista. Itititigil nito ang istratehiya ng paglansi sa mga grupong rebelde na isuko ang armas habang pinapayagan ang mga usurero, panginoong maylupa at mga kapitalista na magmantena ng pribadong hukbo.

Bilang simula ng negosasyon sa mamamayang Bangsamoro, kikilalanin ng TRG ang karapatan nila sa sariling-pagpapasya, kabilang ang karapatang humiwalay sa Republika ng Pilipinas. Sa halip na pwersahin para manatiling tapat, hihimukin silang manatiling bahagi ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagrespeto sa kanilang autonomya, pantay na pakikitungo, pagbabawal sa mga babasahin, pelikula at programa sa telebisyon na nagpapalaganap ng di-pantay na pagtingin at pagkamuhi sa mga Muslim, lumad at iba pang katutubong grupo.

Kumpunihin ang pininsalang kultura

Ilulunsad ng TRG ang sistematikong kampanya para ibalik ang pambansang dangal at bakahin ang kaisipang makadayuhan. Dahil kinikilala nitong naging kasangkapan ng mga elitista ang *mass media* para manipulahin ang opinyong publiko at palaganapin ang isang kaisipang sunud-sunuran at konsumerista, isasailalim ang pangangasiwa sa mga lathalain at mga istasyon ng radyo at telebisyon sa independyenteng lupon ng mga gubernador o *board of governors* na bubuin ng mga propesyunal na peryodista,

ang walang-katapusang *graft and corrption* sa pamahalaan at durugin ang mga sindikatong kriminal.

Ireporma ang AFP, PNP at ang Sistema ng Hudikatura

Tumatagos ang *patronage politics* o sistemang padrino sa militar, pulisya at hukuman. Sa AFP at PNP, nagdudulot ito ng demoralisasyon sa mga nakababatang opisyal at sa mga ordinaryong kawal. Sa hukuman, nagreresulta ito sa pagkawala ng tiwala ng publiko sa buong sistema ng hustisya, ng mga suhulan at kusang pagbimbin sa mga kaso.

Uusigin ng mga ispesyal na korteng itatatag para sa ganitong mga kaso ang matataas na opisyal ng pulisya at militar at mga hukom ng rehimeng Macapagal-Arroyo na gumagawa ng katiwalian.

Hihimukin ang mga idealistikong nakababatang opisyal ng pulisya at militar na bumalangkas ng panukalang reporma sa AFP at PNP. Babaguhin ang sistema ng paghirang at promosyon na nagpahina sa ating mga institusyon, at iwawaksi ang sistema ng *patronage politics* sa pulisya, militar at hudikatura.

Hihimukin ang mga idealistikong nakababatang opisyal ng pulisya at militar na bumalangkas ng panukalang reporma sa AFP at PNP. Babaguhin ang sistema ng paghirang at promosyon na nagpahina sa ating mga institusyon, at iwawaksi ang sistema ng *patronage politics* sa pulisya, militar at hudikatura. Pag-aaralan din ang sahod, benepisyo at *welfare system* para sa mga sundalo, opisyal ng pulis at mga hukom at babaguhin ito para ipatupad ang

paggawa ng mga patakaran at pagpapatakbo ng gubyerno, nakikinig lamang sila sa kahilingan ng mas nakatataas na mga opisyal, panginoong maylupa, dayuhang mamumuhunan at nagpapautang, at malalaking negosyante. Walang pagkakataong umunlad ang demokrasya sa ganitong sistema.

Kung isasantabi ang konstitusyon, hindi ba kayo nagtatatag ng diktadura?

Nang maluklok si Cory Aquino bilang presidente noong 1986, isang rebolusyunaryong pamahalaan ang kaniyang itinatag. Ipinawalang-bisa niya ang Saligang Batas ng 1973, binuwag niya ang Batasang Pambansa, pinalitan ang mga gubernador at alkalde ng mga hinirang na *officers-in-charge* (OIC), ni-reorganisa ang Korte Suprema, at sabay niyang ginampanan ang papel ng ehektutibo at legislatura. Pero wala ni isa, liban sa mga masugid na tagasuporta ni Marcos, ang nagsabing si Cory ay isang diktador.

Gayunman, hindi namin itinuturing na modelo si Cory Aquino sa ibang dahilan. Hindi niya ginamit ang kaniyang rebolusyunaryong kapangyarihan para ipatupad ang mga makabuluhang reporma sa lipunan. Ginamit lang niya ito para ibalik ang mga institusyong pulitikal gaya ng sa Amerika, pero dahil ginawa sa konteksto ng lipunang Pilipino, ay nagsilbi lamang haligi at palamuti ng elitistang paghahari.

Layunin ng Laban ng Masang palitan ang rehimen – patalsikin si GMA – para simulan ang proseso ng pagbabago sa sistema. Pero di tulad ng gubyerno ni Cory Aquino, gagamitin ng TRG ang rebolusyunaryong kapangyarihan para baligtarin ang mga neo-liberal na patakarang pang-ekonomya at magbigay ng kagyat na ginhawa sa mahihirap, wakasan ang *graft and corruption* at ipatupad ang mga pagbabagong istruktural na mahalaga sa paggawa ng bagong konstitusyon at pagdaraos ng malinis at maayos na eleksyon.

Ano ang magiging istruktura ng transitional revolutionary government?

Bubuuin ito ng ***Governing Council*** at ng ***Council of Ministers***. Magsisilbi ang Governing Council bilang kolektibong pangulo at pansamantalang lehislatura. Ang katuwang nito sa pagpapatupad, ang Council of Ministers, ang siyang hahalili sa kasalukuyang Gabinete. Dahil nagmula ang mandato ng Governing Council sa popular na pag-aalsa, hindi nito kailangang magbayad ng pampulitikang utang-na-loob. Pipiliin at aalukin ng TRG ang pinakamahuhusay na taong di mapasusubalian ang integridad para magsilbi bilang mga ministro. Hindi magiging balakid ang kanilang sariling pampulitikang paninindigan o partido kung handa silang maglingkod para sa bayan.

Sino ang bubuo ng Governing Council?

Bubuuin ang Governing Council ng 7 hanggang 15 indibidwal. Pipiliin sila ng mayorya ng mga pwersang lumahok sa pakikibaka laban kay GMA at sumasang-ayon sa mahahalagang bahagi ng Reform Agenda. Hindi isasali rito ang mga tagasuporta ni GMA, ang mga hindi pumusisyon at nagmiron lang, gayundin ang mga trapong oposisyon na interesado lang sa *snap elections*, at hindi sa pangmatagalang reporma ng lipunan.

Para hindi pagdudahan, pagbabawalan ang lahat ng myembro ng Governing Council na kumandidato para sa anumang posisyon sa regular na gubyerno sa susunod na dalawang eleksyon. Hindi rin sila tatanggap ng *pork barrel* o ng matataas na sahod at *allowance*.

Sa panahon ng transisyon, magpapahinga ang bansa sa estilo ng pamumulitikang tulad ng umiiral ngayon. Pwedeng magbakasyon ang mga propesyunal na pulitiko basta sariling pera nila ang gagastusin, habang makikipagtulungan ang mga cause-oriented groups sa TRG para tunay na bigyang kapangyarihan ang mamamayang kanilang kinakatawan ■

ok ng moralidad ng ating lipunan, nagsisilbing pangunahing sagka sa pag-unlad ng ekonomya at lokal na maliliit na negosyo, at nagiging kanlungan ang buong bansa ng mga sindikatong kriminal.

Idedemanda ng TRG sa mga kasong *graft and corruption* ang matataas na opisyal ng gubyerno ng rehimeng Macapagal-Arroyo, simula sa "Unang Pamilya." Muling bubuksan at susuriin ang mga maanomalyang kontratang pinasok ng mga nagdaang rehimen. Itatakda at mahigpit na ipatutupad ang mga mekanismo na titiyak sa pananagutan at pagiging bukas (accountability at transparency) ng serbisyo publiko.

Matapos ang ilang dekada ng inutil na paghahari ng mga elitista, ginawang sentro ng operasyon at palaruan ng mga yakuzang Hapon, gangster na Koreano at triad na Intsik ang Maynila. Banta sila sa personal na seguridad ng mamamayan at nagbibigay ng pangit na reputasyon sa bansa. Gamit ang pondong publiko, sinusuhulan nila ang mga pulis at militar, pinatatahimik ang mga testigo, at kapag naaresto sa mga pakunwaring kampanya laban sa krimen, hihingi sila ng *due process* para ipagpatuloy ang kanilang karumaldumal na aktibidad.

Tutugisin ng narepormang PNP sa ilalim ng TRG hindi lamang ang mga tauhan ng mga sindikatong kriminal. Lalansagin nito ang mga utak at pangunahing opereytor na hindi ginagalaw ng kasalukuyang rehimen. Uusigin sila at ikukulong nang walang pyansa hanggang matapos ang paglilitis at mapatawan ng mabibigat na parusa kapag nahatulan.

Sa ilalim ng TRG, irereporma ang hukuman para usigin at parusahan nito ang mga kawatan at tiwali sa gubyerno at ang mga sindikatong kriminal. Magbibigay ito ng malinaw na sinyales na may kakayahan at determinado ang bagong gubyerno na wakasan

din na mahihikayat ng partisipasyon ng mga dayuhang kumpanya ang pagtatatayo ng mga katuwang na kumpanyang may Pilipinong kapital. Ilalatag ng TRG ang pundasyon para sa masiglang istratehiya tungo sa industriyalisasyon, na nakakawing sa modernisasyon ng agrikultura at sektor ng serbisyo.

Ipatupad ang hustisya sa agrikultura at pasiglahin ang kanayunan

Sa kabila ng pagkakaroon ng batas sa reporma sa lupa (CARP), nananatiling di-natitinag ang malalawak na lupain at mailap ang katarungan para sa milyong magbubukid na walang lupa.

Kukuhanin ng TRG ang malalaking asyenda at kagyat itong ipamamahagi sa mga indibidwal na magsasaka at mga kooperatiba. Itataguyod ang modernisasyon ng agrikultura sa pamamagitan ng dagdag na pondo sa irigasyon, *post-harvest facilities* at iba pang suportang imprastraktura. Para tiyaking makaaabot sa marami ang pautang, maglalaan ng P300-P400 bilyong pondo para sa limang milyong pinakamahihirap na pamilya sa kanayunan. Kukumpiskahin ang mga nakatiwangwang na lupa na ginagamit lamang para sa ispekulasyon, at ito'y gagamitin sa produksyon ng pagkain at pagbibigay ng kabuhayan sa mahihirap.

Palalaganapin ng TRG sa mga benepisyaryo ng repormang agraryo ang sama-samang pagsasaka at/o kumbinasyon ng mga koperatiba at mga inisyatiba ng gubyerno sa pautang, gamit pagsasaka, makinarya, teknolohiya.

Sugpuin ang graft and corruption at mga sindikatong kriminal

Hindi lang inuubos ng *graft and corruption* ang mga pondo ng sambayanan. Nagiging simbolo rin ang katiwalian ng pagkauk-

Ang Reform Agenda

Pinakaimportanteng tungkulin ng Governing Council ang pagpapatupad ng Reform Agenda, ang kagyat na programa ng TRG..

Gagawa ang TRG ng kagyat na mga hakbang para wakasan ang krisis at simulan ang proseso ng pagkakamit ng demokrasya sa lipunang Pilipino

Bigyan ng kagyat na tulong ang mahihirap

Hahanap ang TRG ng pinakaepektibong paraan para panatilihin ang presyo ng mga pangunahing bilihin kung hindi man kayang ibaba kaagad ang mga ito. Ipatutupad ang kumbinasyon ng mga patakaran sa ekonomya at sa pananalapi para kontrolin ang presyo at ipatupad ang programa sa pagbibigay trabaho at subsidyo sa mahihirap. Iwawaksi nito ang neo-liberal na doktrinang lahat daw ng presyo ay dapat isunod sa pabagu-bagong takbo ng kapitalistang pamilihan. Bibigyang-prayoridad sa programang panlipunan ng estado ang mga pamilyang nasa ilalim ng *poverty line*. Sisimulan ang proseso ng tunay na reporma sa lupa sa kanayunan at kalunsuran. Gagamitin ang *coco levy funds* para iangat ang buhay ng 20 milyong mamamayang umaasa sa niyugan. Kagyat na ipatutupad ang *feeding program* o programa sa pagpapakain sa mga bata't sanggol para iligtas ang pinakamahihirap na bata sa malnutrisyon at gutom.

Lumabas sa pag-aaral kamakailan na mas malala pa ang gutom sa ilang bahagi ng Pilipinas, laluna sa ARMM, kaysa sa North Korea. Daan-daang bata ang kulang sa pagkain o *undernourished*. Pagtuntong nila sa edad na kailangan ng mag-aral, grabe na ang

inabot na pinsala ng kanilang utak at hindi na pakikinabangan pa ang pag-aaral. Magtatayo ang TRG ng mga *feeding centers* para bigyan ng masustansyang pagkain ang mga sanggol at bata sa mga maralitang komunidad sa lungsod at sa probinsya.

Wakasan ang krisis sa kabuhayan at baguhin ang mga patakarang neo-liberal

Pinakaunang prayoridad ng gubyerno ang paglalaan ng mga pondo para tustusan ang mahihirap at tiyakin ang mahusay na pagbibigay ng batayang serbisyo, gaya ng kalusugan, edukasyon, tubig, elektrisidad at sanitasyon.

Pinakaunang prayoridad ng gubyerno ang paglalaan ng mga pondo para tustusan ang mahihirap at tiyakin ang mahusay na pagbibigay ng batayang serbisyo, gaya ng kalusugan, edukasyon, tubig, elektrisidad at sanitasyon. Sa ngayon, umaabot sa 85% ng kita ng pamahalaan ang ginagamit sa pagbabayad-utang. Babaguhin ng TRG ang komposisyon ng badyet ng gubyerno para gamitin ang pambayad-utang sa serbisyong panlipunan, pagsugpo sa kahirapan at pambansang pagpapaunlad. Para magawa ito, ipawawalang-bisa ng TRG ang *automatic debt appropriations law (*batas ni Marcos na naglalaan ng bahagi ng taunang badyet para ipambayad-utang), susuriin ang lahat ng utang, makikipagnegosasyong muli para sa mga mabibigat na bayaring tulad ng Bataan Nuclear Power Plant, at para sa 5-taong tigil muna sa pagbabayad-utang.

Dahil sa bulag na pagsunod ng gubyernong Macapagal-Arroyo at mga naunang rehimen sa neo-liberal na patakarang idinidikta ng IMF, World Bank at WTO, nawasak ang ekonomya ng ating

bansa. Pinatay ng walang patumanggang liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan ang lokal na industriya at agrikultura, at nawalan ng kabuhayan ang milyon-milyong magsasaka at manggagawa at maliliit na negosyante. Ipatutupad ng TRG ang makamasa at maka-kaunlarang patakaran sa kalakalan at pamumuhunan. Susukating muli ang mga taripa para protektahan ang mga lokal na industriya at agrikultura habang lumilikha ng dagdag na pagkakakitaan para maibsan ang krisis sa pananalapi. Ang istratehikong direksyon ng programa ay paunlarin ang lokal na industriya at agrikultura, itaas ang kakayahan ng mamamayan para magkaroon ng hanapbuhay, tiyakin ang soberanya sa pagkain at sa kalaunan ay makayanang makipagkumpitensya ng mga industriyang Pilipino sa buong daigdig.

Humantong sa di-makontrol na pagtaas ng presyo ng langis, tubig at kuryente ang pagtatanggal ng regulasyon sa industriya ng langis at pagsunod sa dikta ng IMF na isapribado ang tubig, paglikha at distribusyon ng kuryente. Kaagad na makikipagnegosasyon ang TRG para ibalik ang pag-aari ng Petron sa gubyerno, di kikilanlin ang mga maanomalyang kontrata sa mga *independent power producers* (IPPs) at mga pribadong kumpanya, babasagin ang monopolyo sa distribusyon ng kuryente ayon sa programa ng pagrereporma sa buong sektor ng kuryente.

Bagama't kinikilala na kailangan ang tuwirang pamumuhunan ng mga dayuhan, itatakda ng TRG ang mga larangan kung saan sila papayagan at titiyaking magsisilbi sa kapakanan ng bansa. Ititigil ang pag-akit sa dayuhang puhunan sa pamamagitan ng pag-aalok ng mababang sahod, labis na pribilehiyo sa pagbubuwis at pagluluwag ng mga batas para sa kapaligiran. Pag-aaralan at babaguhin ng TRG ang mga batas sa paggawa at sahod para protektahan ang karapatan at kagalingan ng manggagawa at itaguyod ang mga batayang karapatan ng manggagawa sa lahat ng industriya. Titiyakin